



13 Setyembre 2020

Ika-24 na Linggo sa Karaniwang Panahon

Taon A

ARAW NG MGA LOLO AT LOLA

## Ang Pasasalamat sa Tinanggap na Kapatawaran

**T**ayo ay nagdiriwang ng Ikadalawampu't Apat na Linggo sa Karaniwang Panahon. Tayong lahat ay makasalanan. Ang sabi nga ni San Juan sa kanyang Unang Sulat: "Kung sinasabi nating tayo'y walang kasalanan, dinadaya natin ang ating sarili, at wala sa atin ang katotohanan." (1:8) Kaya nga abot-abot ang ating pasasalamat sa Diyos dahil sa tinanggap nating kapatawaran. Ngunit ang pasasalamat na ito ay hindi lamang dapat sa salita. Sa gawa tayo dapat magpamalalas ng pasasalamat sa Diyos. Ito ay magagawa natin sa pamamagitan ng ating pagpapatawad din sa mga taong nagkasala at nakasakit sa atin. Dinadasal natin ito araw-araw: "At patawarin mo kami sa aming mga kasalanan, tulad ng aming pagpapatawad sa mga nagkasala sa amin." (Mateo 6:12) Sa pagdiriwang ng Banal na Eukaristiya ay tinatanggap natin ang pagpapatawad ng ating mga kasalanan. Sa Huling Hapunan ay sinabi



ng Panginoong Hesus: "Sapagkat ito ang dugo ng tipan, ang aking dugo na mabubuhos dahil sa marami, sa ikapagpapatawad ng mga kasalanan." (Mateo 26:28) Mabuksan sana ang ating mga puso upang tanggapin ang pagpapatawad ng Diyos sa atin at upang ipadama rin ang pagpapatawad na ito sa ating kapwa. Ipinananalangin din natin ngayon ang ating mga lolo't lola sa pagdiriwang natin ng kanilang araw.

### PASIMULA



#### Pambungad

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

**Kapayapaa'y ibigay sa bayan mong naghihintay upang iyong patunayang propeta'y maaasahan. Dalangin nami'y pakinggan.**

#### Pagbati

**P**–Ang pagpapala ng ating Panginoong Hesukristong nagbuhos ng kanyang dugo sa ikapagpapatawad ng ating mga kasalanan, ang pag-ibig ng Diyos Ama, at ang pakikipagkaisa ng Espiritu Santo ay sumainyong lahat!

**B**– At sumaiyo rin!

#### Pagsisisi

**P**–Tayo ay binibigyan ng Panginoon ng biyayang magsisi at matanggap ang kanyang pagpapatawad sa ating mga kasalanan. Para sa ating pag-aatubiling magpapatawad sa mga nagkasala

sa atin, humingi tayo ng tawad. (Manahimik saglit.)

**P**– Para sa aming kakulangan ng pananampalataya sa iyong walang hanggang awa at pagpapatawad sa aming mga kasalanan, Panginoon, kaawaan mo kami!

**B** –Panginoon, kaawaan mo kami!

**P**–Para sa aming kawalan ng pag-asa sa pagpapatawad na iyong laging iniaalay sa amin sa pagdanak ng iyong dugo sa bawat pagdiriwang ng Eukaristiya, Kristo, kaawaan mo kami!

**B** –Kristo, kaawaan mo kami!

**P**–Para sa aming pagmamahal sa iyong hindi namin kayang panindigan dahil sa hindi namin pagpapatawad sa aming kapwa, Panginoon, kaawaan mo kami!

**B** –Panginoon, kaawaan mo kami!

**P**–Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga sala, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.

**B**– Amen!

#### Papuri

**B**– Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasasalamatan ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.

Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen!

## Panalanging Pambungad

**P** –Ama naming makapang-yarihan, ikaw ang Lumikha at Tagapamahala ng tanang umiiral. Tunghayan mo kami upang ang iyong awa ay aming maranasan at ipagkaloob mong ikaw ay a-ming wagas na mapaglingkuran sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo mag-pasawalang hanggan.

**B**–Amen!

### PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS



#### Unang Pagbasa *Ecc 27:30-28:7*

*Itinuturo ng Aklat ni Sirac na dapat alisin sa puso ang poot at pagngingitngit. Ito ay magagawa ng isang taong handang magpatawad sa kanyang kapwa. Nais nating humarap sa Diyos sa sandali ng ating pagpanaw na napatawad na sa ating mga kasalanan. Gagawin ito sa atin ng Panginoon kung handa rin tayong magpatawad sa iba.*

**L** –Pagpapahayag mula sa Aklat ni Propeta Sirac

Ang poot at pagngingitngit ay dapat ding kamuhian; ngunit sa makasalanan, iyan ay pangkaraniwan.

Natatandaan ng Panginoon ang kasalanan ng bawat tao, at ang mapaghiganti ay paghihigantihan din niya. Patawarin mo ang kapwa sa kanyang pagkukulang, at pag ikaw ay dumalangin sa Diyos, patatawarin ka rin naman. Ang nagtatanim ng galit laban sa kapwa, pag tumawag sa Panginoon, walang kakamtang awa. Kung hindi ka nahahabag sa iyong kapwa, paano mong ihihingi ng tawad ang iyong kasalanan? Kung ikaw na tao lamang, ay nagkikimkim ng galit, sinong magpatawad sa iyo sa mga kasalanan mo? Alalahanin mo ang iyong wakas at pawiin mo ang iyong galit. Isipin mo ang kamatayan at sundin mo ang Kautusan. Dili-dilihin mo ang Kautusan at huwag kang magalit sa kapwa; alalahanin mo ang Tipan ng Kataas-taasan at matuto kang magpatawad.

Ang Salita ng Diyos!

**B** – Salamat sa Diyos!

#### Salmong Tugunan *Awit 102*

**B** –Ang ating mahabaging D'yos ay nagmamagandang-loob!

R. M. Velez



\* Panginoo'y papurihan, purihin mo, kaluluwa, ang pangalan niyang banal purihin mo sa tuwina. Ikaw, aking kaluluwa, ang Diyos ay papurihan, at huwag mong lilimutin yaong kanyang kabutihan. **B.**

\* Ang lahat kong kasalana'y siya ang nagpapatawad, at anumang aking sakit, ginagamot niyang lahat. Sa bingit ng kamatayan ako ay inililigtas, at pinagpapala ako sa pag-ibig niya't habag. **B.**

\* Banayad nga kung magalit, hindi siya nagtatanim; yaong taglay niyang galit, hindi niya kinikimkim, kung siya ay magparusa, di katumbas ng pagsuway, di na tayo sinisingil sa nagawang kasalanan. **B.**

\* Ang agwat ng lupa't langit, sukatin ma'y hindi kaya, gayon ang pag-ibig ng Diyos, sa may takot sa kanya. Ang silangan at kanluran, kung gaano ang distansya, gayung-gayon ang pagtingin sa sinumang nagkasala. **B.**

#### Ikalawang Pagbasa *Ro 14:7-9*

*Ang buhay at kamatayan ng isang alagad ay laging para sa Panginoon. Siya ang nagbigay sa atin ng buhay at siya rin ang nagtakda ng oras ng ating pagpanaw. Sana'y magamit natin ang panahon mula sa ating pagsilang hanggang sa ating huling hininga para sa Diyos.*

**L** –Pagpapahayag mula sa Sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Roma

Mga kapatid: Walang sinuman sa atin ang nabubuhay o namamatay sa kanyang sarili lamang. Kung tayo'y nabubuhay, nabubuhay tayo para sa Panginoon, at kung tayo'y namamatay, namamatay tayo para sa Panginoon. Kaya nga, sa mabuhay o sa mamatay, tayo'y sa Panginoon.

Sapagkat si Kristo ay namatay at muling nabuhay upang maging Panginoon ng mga patay at mga buhay.

Ang Salita ng Diyos!

**B** – Salamat sa Diyos!

Aleluya

Jn 13:34

**B** –Aleluya! Aleluya!

Bagong utos, ani Kristo, mag-ibigan sana kayo katulad ng pag-ibig ko.  
Aleluya! Aleluya!

#### Mabuting Balita *Mt 18:21-35*

*Ang tanong ni Pedro sa ating sipi ay galing sa sinabi ng Panginoon sa Ebanghelyo ni San Lucas: "Kung makapito siyang magkasala sa iyo sa maghapon, at makapito ring lumapit sa iyo at magsabing 'Nagsisisi ako,' patawarin mo." (17:4) Mahirap naman talagang magpatawad ng pitong ulit sa isang araw! Subalit ang nais ng Panginoon Hesus ay huwag lagyan ng hangganan ang pagpapatawad sa kapwa, dahil wala ring hanggan ang kakayahan ng Diyos na magpatawad sa atin*

**P** –Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Mateo  
**B** – Papuri sa iyo, Panginoon!

Noong panahong iyon, lumapit si Pedro kay Hesus at nagtanong sa kanya, "Panginoon, makailan kong patatawarin ang aking kapatid na paulit-ulit na nagkasala sa akin? Makapito po ba?" Sinagot siya ni Hesus, "Hindi ko sinasabing makapito, kundi pitumpung ulit pa nito.

Sapagkat ang paghahari ng Diyos ay katulad nito: ipinasiya ng isang hari na pagbayarin ang kanyang mga lingkod na may utang sa kanya. Unang dinala sa kanya ang may utang na sampung milyong piso. Dahil sa siya'y walang ibayad, iniutos ng hari na ipagbili siya, ang kanyang asawa, mga anak, at lahat ng ari-arian, upang makabayad. Naniklihod ang taong ito sa harapan ng hari at nagmakaawa: 'Bigyan pa ninyo ako ng panahon, at babayaran ko sa inyo ang lahat.' Naawa sa kanya ang hari kaya ipinatawad ang kanyang mga utang at pinayaon siya.

Ngunit pagkaalis niya roon ay nakatagpo niya ang isa sa kanyang kapwa lingkod na may utang na limandaang piso sa kanya. Sinungaban niya ito at sinakal, sabay wika: 'Magbayad ka sa utang mo!' Naglumuhod iyon at nagmakaawa sa kanya: 'Bigyan mo pa ako ng panahon at babayaran kita.' Ngunit hindi siya pumayag; sa halip ipinabilanggo niya ang kanyang kapwa lingkod hanggang sa ito'y makabayad. Nang makita ng kanyang mga kapwa lingkod ang nangyari, sila'y labis na nagdamdam; pumunta sila sa hari at isinumbong

ang nangyari. Kaya't ipinatawad siya ng hari. 'Ikaw – napakasama mo!' sabi niya. 'Pinatawad kita sa utang mo sapagkat nagmakaawa ka sa akin. Nahabag ako sa iyo; hindi ba dapat ka ring mahabag sa kapwa mo?' At sa galit ng hari, siya'y ipinabilanggo hanggang sa mabayaran niya ang kanyang utang.

Gayon din ang gagawin sa inyo ng aking Amang nasa langit kung hindi ninyo patatawarin ang inyong kapatid."

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

**B – Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!**

### Homiliya

#### Sumasampalataya

**B –** Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkawatang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

#### Panalangin ng Bayan

**P –** Hingin natin sa Diyos na kayanin nating isabuhay ang turo ng Panginoong Hesus hinggil sa pagpapatawad sa kapwa. Para sa bawat kahilingan ang ating itutugon ay:

**B – Amang mapagpatawad, dinggin Mo ang aming panalangin!**

\* Para sa mga namumuno sa Simbahan, upang lumakas ang kanilang tiwala sa pagpapatawad ng Diyos sa kanilang mga kasalanan at maikalat sa Bayan ng Diyos

ang hangaring magpatawad sa kanilang kapwa, manalangin tayo sa Panginoon! **B.**

\* Para sa mga namumuno sa ating bansa, lalo na sa panahong ito ng *Covid-19 pandemic*, upang maipalaganap sa mga taong-bayan ang pagdadamayan, ang pangangalaga sa kalusugan ng iba, at ang pagpapatawad sa anumang kamaliang nagawa sa kanila, manalangin tayo sa Panginoon! **B.**

\* Para sa lahat ng mga kumikilos sa ating mga pagamutan at nagsisikap na sugpuin ang pagkalat ng *Covid-19 pandemic*, at para na rin sa mga kawani ng pamahalaang nagpapanatili ng kaayusan sa ating lipunan, upang alagaan ng Espiritung Banal ang kanilang kalusugan at ipadama sa kanila ang biyaya ng kapatawaran ng kanilang mga kasalanan, manalangin tayo sa Panginoon! **B.**

\* Para sa ating lahat na mga Kristiyano, upang sa Taong ito ng Ekumenismo ay matutunan nating magpatawad sa lahat ng kasalananang nagawa sa atin ng mga hindi natin kapanalig dahil tayo rin naman ay maraming masamang nagawa sa buhay, manalangi n tayo sa Panginoon! **B.**

\* Para sa lahat ng lolo't lola, upang pagkalooban sila ng mabuting kalusugan at ng kagalakan sa pagmamahal at kalinga ng kanilang mga anak at mga apo, manalangin tayo sa Panginoon! **B.**

\* Para sa ating lahat na nana-nalangin sa Linggong ito, upang hindi tayo magmatigas sa tawag ng Diyos na maging mapagpatawad sa lahat ng nakasakit sa atin at gumawa sa atin ng masama, manalangin tayo sa Panginoon! **B.**

\* Tahimik nating ipanalangin ang ating mga sariling kahilingan. (*Manahimik saglit.*)

Manalangin tayo! **B.**

**P –** Ama naming tigib ng awa at habag, isugo Mo sa amin ang Iyong Espiritung Banal upang mapuspos ang aming mga puso ng paghahangad na kumalat sa Bayan ng Diyos ang pagpapatawaran at magandang pagsasamahan, bilang pagtugon sa hamon ng Iyong Anak na si Hesukristong aming Panginoon.

**B – Amen!**

## PAGDIRIWANG NG HULING HAPUNAN



**P –** Manalangin kayo . . .

**B –** Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.

**Panalangin ukol sa mga Alay**

**P –** Ama naming Lumikha, mawain mong dinggin ang aming mga pithaya at paunlakan mo ang paghahaing aming inihanda upang ang mga handog ng bawat isang nagbigay para sambahin ang banal mong ngalan ay magkamtan ng karagdagan mong kasiyahan sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

**B – Amen!**

### Prepasyo IV

**P –** Sumainyo ang Panginoon!

**B –** At sumaiyo rin!

**P –** Itaas sa Diyos ang inyong puso at diwa!

**B –** Itinaas na namin sa Panginoon!

**P –** Pasalamatan natin ang Panginoong ating Diyos!

**B –** Marapat na siya ay pasalamatan!

**P –** Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamatan sa pamamagitan ni Hesukristo na aming Panginoon.

Siya ay naging kapwa naming maaasahan upang may mangu-nang umako sa pananagutan dahil hangad mong magbago ang kinamihasnang pagkakanya-kanya ng sangkatauhan. Bunga ng pagtititiis, siya ay nanaig at ang kamatayan ay kanyang nalupig kaya't siya ang aming Daan para aming masapit ang iyong tapat at maaasahang pag-ibig.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

**B –** Santo, santo, santo. . .

### Pagbubunyi

**B –** Sa krus mo at pagkabuhay kami'y natubos mong tunay, Poong Hesus naming mahal, ilitas mo kaming tanan ngayon at magpakailanman.



**B**– Ama namin . . .  
**P**– Hinihiling namin . . .  
**B**– Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!

**Paanyaya sa Kapayapaan  
 Paghahati-hati sa Tinapay**

**B**– Kordero ng Diyos . . .

**Paanyaya sa Pakikinabang**

**P**– Ito si Hesus, ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.

**B**– Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.

**Antipona ng Pakikinabang**  
*(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)*

**Pag-ibig na iyong bigay ay hindi matutumbasan. Laging ikaw ang kanlungan ng iyong bayang hinirang na 'yong sinusubaybayan.**

**Panalangin Pagkapakinabang**

**P**– Ama naming mapagmahal, ang aming kalooban nawa'y pagharian ng aming tinanggap na pakikinabang upang huwag ang diwa namin ang umiral kundi ang bunga ng pagdiriwang ang laging mamayani sa amin sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

**B**– Amen!



**P**– Sumainyo ang Panginoon.

**B**– At sumaiyo rin!

**P**– Magsiyuko kayo at ipanalangin ang pagpapala ng Diyos. *(Manahimik saglit.)*

– Bigyan nawa kayo ng Diyos ng pusong maunawain at mapagpatawad sa lahat ng nagkasala sa inyo.

**B**– Amen!

**P**– Bigyan nawa kayo ng lakas para kayanin ang hirap sa buhay nang buong tiyaga't karangalan.

**B**– Amen!

**P**– Pagkalooban nawa kayo ng gantimpala sa lahat ng kabutihang gagawin ninyo ngayon.

**B**– Amen!

**P**– Pagpalain kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo.

**B**– Amen!

**P**– Humayo kayo at ibahagi ang mga bunga nito sa lahat ng inyong makatagpo!

**B**– Salamat sa Diyos!

## Ang Pagpapaliwanag ng Turo ng Ikalawang Konsilyo Vaticano hinggil sa Ekumenismo

*(P. René T. Lagaya, SDB)*

Ang turo ng Ikalawang Konsilyo Vaticano hinggil sa Ekumenismo ay napapaloob sa Dokumentong pinamagatang **Unitatis redintegration** (*Ang Panunumbalik ng Pagkakaisa*) na pinagtibay noong ika-21 ng Nobyembre 1964. Ang Ikatlo at huling Kabanata nito ay may labindalawang bilang. Ang tinatalakay nito ay ang mga Simbahan at pamayanang napahiwalay sa Simbahang Katoliko. Ang ikalabing-tatlong bilang ay ang panimula ng kabanata. Ito ay nakatuon sa tamang pakikipag-usap sa ating mga napahiwalay na kapatid. Sa takot na masaktan sila sa tahasang pagpapahayag ng pananampalatayang Katoliko ay may tuksong ikubli ang buo at dalisay na pagtuturong Katoliko. Ito ay hindi makatutulong sa pagpapanumbalik ng pagkakaisa.

**IKATLONG KABANATA: ANG MGA SIMBAHAN AT PAMAYANANG KRISTIYANONG NAPAHIWALAY SA ROMA**

“Tutunghayan natin ngayon at pag-uukulan ng pansin ang dalawang pangunahing uri ng hiwalayang sumira sa walang putol at walang tahing kasuotan ni Kristo.”

“Ang unang hiwalayan ay naganap sa Silangan, dahil sa hindi pagkakasundo hinggil sa mga pagtuturo ng mga Konsilyo ng Efeso at ng Calcedonia, o sa kalaunan dahil sa pagkasira ng pagkakaisa sa mga Patriarka at ng Silangan at ng Simbahan ng Roma.”

“May iba pa ring hiwalayang lumitaw sa Kanluran mahigit na apat na daantaon na ang nakalilipas. Ang mga ito ay karaniwang nang tinaguriang Pagpapanibago. Dahil dito, maraming pamayanan,

pambansa o pampananam-palataya, ay napahiwalay sa Simbahan ng Roma. Sa mga ito, kung saan ang mga kaugalian at pamamaraang Katoliko ay namamalas pa rin, ay may kakai-bang angking kahalagahan ang Pamayanang Anglikano.”

“Kaya nga lamang, ang iba't ibang hiwalayang ito ay malaki ang pagkakaiba sa isa't isa, hindi lamang batay sa pinagmulan, pook, at panahon, kundi lalo na sa kalikasan at kabigatan ng mga tanong tungkol sa pananampalataya at sa pamamaraan ng Simbahan. Dahil dito, kahit hindi dapat maliitin ang mga pagkakai-ba ng iba't ibang pamayanang Kristiyano at hindi rin naman dapat baliwalain ang mga bagay na nagbibigkis sa kanila sa gitna ng hiwalayan, napagpasyahan ng Simbahang imungkahi ang mga sumusunod para sa marunong na pagkilos tungo sa pagkakaisa.”



**WORD & LIFE  
 PUBLICATIONS**

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila

Postal Address: P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines

Tel. Nos. 8894-5401; 8894-5402; 8892-2169 • Telefax: 8894-5241 • Website: www.wordandlife.org

• E-mail: marketing@wordandlife.org; wordandlifepublications@gmail.com • FB: Word & Life Publications

• Editorial Team: Fr. S. Putzu, Fr. R. Lagaya, C. Valmonte, V. David, J. Domingo, A. Vergara, D. Daguio

• Illustrations: A. Sarmiento, B. Cleofe • Marketing: J. Feliciano • Circulation: R. Saldua